



Recovery para sa Maui Wildfire

Suporta ng EPA para sa Hawai'i Departamento ng Kalusugan sa Pagmonitor sa Hangin
Nobyembre 8, 2023

Phase 1 Mga Istasyon ng Pagmonitor sa Hangin Inilagay sa Lāhainā para sa Maui County at Hawaii DOH

Marami ang ibinigay ng Maui sa mundo. Bilang mga guests, kami ay pinarangalan na ibalik ang aming suporta.

Sa kahilingan ng County of Maui at ng Hawai'i Department of Health, nag-set up ang U.S. Environmental Protection Agency ng limang istasyon ng pagsubaybay sa hangin sa Lāhainā. Ang mga monitor na ito ay nagbibigay ng patuloy na datos sa materyales (pinong mga materyales na tulad ng alikabok) sa panahon ng mga operasyon ng Phase 1.

Sinusuri ng Hawai'i Department of Health ang mga datos na nakolekta mula sa mga monitor at nagpapayo sa mga residente batay sa datos.

Ang datos ng pagsubaybay ay matatagpuan sa: <https://fire.airnow.gov>. Ang Hawai'i Department of Health ay naglabas din ng inisyal na summary sa <https://health.hawaii.gov/mauiwildfires>.

Paalala: Ang abo at mga kalat ay mapanganib at maaaring maglaman ng asbestos, lead, at arsenic. Ang mataas na hangin o pisikal na pagkagambala ay maaaring maging sanhi ng abo na maging hangin, na nagdaragdag ng panganib na malanghap o lumipat sa labas ng nasunugan na lugar.



Imahe:Matatagpuan ang EBAM sa Lahaina Civic Center

Patuloy na Pagsubaybay sa Air:

- Ang Environmental Beta Attenuation Mass Monitors (EBAMs), isang uri ng air monitor, ay ginagamit upang masukat ang patuloy na antas ng partikuladong materyales (materyal na tulad ng alikabok).
- Ang mga lokasyon ng mga monitor ay nakalista sa fire.airnow.gov

Para sa impormasyon tungkol sa pagmonitor sa hangin, bumisita sa:

<https://health.hawaii.gov/mauiwildfires/> o www.mauirecovers.org